

# 1

Gulantang na napabalikwas ng bangon si Irish nang marinig ang galit na tungyaw ng kanyang ina na tila may kaaway. Bahagya pa lamang siyang nakakatulog dahil madaling-araw na siya nakauwi mula sa dinaluhang party nang nakalipas na gabi.

Sa pandinig niya, parang sa harap ng bahay nila nagmumula ang boses ni Aling Dulce. Pupungas-pungas na bumangon siya mula sa kama at sumilip sa bintana. At tulad ng kanyang inaasahan, nakikipagbangayan nga ang mommy niya sa kanilang kapitbahay at long-time enemy na si Mang Roger.

Hindi na niya inintindi ang hitsura. Kahit gulugulo ang buhok, lumabas siya ng silid upang daluhan si Aling Dulce. Hindi siya papayag na maapi ang ina. Biyuda na ito at silang mga anak na lamang ang maaaring magtanggol dito.

Nakasabay pa niya sa pagbaba ng hagdanan ang bunso at nag-iisa niyang kapatid na si Dang na tulad niya ay magulo rin ang buhok. Halatang nabulahaw rin ang beinte años na dalaga kaya tarantang napalabas ng silid.

“Ano na naman kaya ang pinagtatalunan ng matatandang ‘yon?” lukot ang mukhang tanong nito.

Dahil walang ideya, nagkibit-balikat lamang siya. Sanay na siya sa mga petty quarrels na malimit na namamagitan sa mommy niya at kay Mang Roger na madalas ay walang katorya-torya ang pinag-uugatan.

Sa labas ng gate ay nakatayo si Aling Dulce, hindi mapugtu-pugto ang galit habang dinuduro ang kapitbahay. Nang makalapit silang magkapatid ay kumapit sila sa magkabilang braso ng biyuda upang payapain ito. Sa asta kasi nito, mistula itong tigreng maninila anumang sandali.

“Ano ba ang problema, ‘My?” kunot-noong tanong niya na nagpalipat-lipat pa ang tingin sa nagpupuyos na ina at kay Mang Roger.

“Aba’y muntik na akong sagasaan ng tatanga-tanga at sira-ulong hayup na ‘yan!”

Hindi niya mapigilang mapangiwi sa mahayap na pananalita ng ina. Kabisado na niya ang likas na talas ng dila nito kapag ganoong may kaaway.

“Hindi ko naman sinasadya, Hija,” malumanay na paliwanag ni Mang Roger sa kanya. “Nagmamaniobra kasi akong palabas. Eh, hindi ko napansin ang mga tanim sa paso ng mommy n’yo at naatrasan ko.”

Napatingin siya sa mga basag na paso sa gilid ng kalsada, sa labas ng bakod nila. Ang ilan ay basag nga at nakakalat sa aspalto. Hilig talaga ng mommy niya ang paghahalaman. Ultimo ang mga santan sa plant box ay alaga nito, regular na nililinis at tini-trim.

“Hoy, hindi lang halaman ang issue rito! Muntik mo na rin akong madisgrasya!” asik nito sa lalaki. “Sa labo ng mata mo, ni hindi mo nakitang nakatalungko lang ako at nagdadamo. Kung hindi pa ako maagap na nakalayo ay baka napatay mo na akong gago ka! O baka naman iyon talaga ang intensyon mo, ha? Ang sagasaan ako,” akusa pa nito.

Tila ibig mapailing na naihilamos ni Mang Roger ang isang kamay sa mukha, parang napupundi na.

“Hindi naman ho kasi kayo nag-iingat,” nakasimangot na sabi ni Dang dito. “Hindi ho kaila sa amin na kayo lagi ang nakakabasag ng mga paso namin. Alam n’yong maraming kurbada itong kalye natin, pero ang bilis-bilis n’yong magmaneho at hindi kayo masyadong nagmemenor kahit malapit na’ng sa inyo.”

Tumigas ang anyo ng kapitbahay. “Huwag kayong mag-alala, babayaran ko lahat ang mga nasira kong paso. Titriplehin ko pa.”

“Aba’t... gagong ‘to, ah!” gigil na bulalas ni Aling Dulce na tila ibig pang sumugod kung hindi nila napigilan.

Tila nakakalokong ngumisi lamang ang kaaway nito.

“Hayaan mo na siya, Mommy,” aniyang kahit nagtitimpi ay napairap pa rin sa lalaki.

Sumakay na ng kotse nito si Mang Roger. Ngunit bago nito paandarin iyon, sumungaw ito sa bintana at tiningnan ang mommy niya, sabay hiyaw ng, “Bisaya!”

Naramdaman ni Irish na napahumindig ang ina sa pagkakakapit niya. Pero wala itong masabi dahil sa kabiglaanan. Tiningnan niya nang matalim si Mang Roger. Gusto niya itong murahin pero hindi naman niya magawa. “Bisaya! Bisaya!” nakangising sigaw uli nito sa biyuda.

“Eh, ano kung Bisaya?” halos maiyak na talak ni Aling Dulce nang makahuma. “Ikaw naman, Ilokano... isang gago’t kalahating Ilokano! Pesteng Yawa!”

Humalakhak lamang si Mang Roger, pagkuwa’y pinasibad na ang kotse.

“Hayup na Roger na ‘yon!” ngumunguyngoy na sabi ni Aling Dulce matapos nilang akayin ito papasok ng bahay at iupo sa dining chair. “Ano ba kung Bisaya? Komo ba matigas ang dila ko ay lalaitin na niya ang pinagmulan ko?”

“Para kayong mga bata, Mommy,” sabi ni Irish, naaawa pero parang ibig ding matawa sa hitsura ng ina.

“Grabe naman kasi ‘yang si Mang Roger. Parang hindi ko alam na may naging kabit rin siyang Bisaya,” ani Dang na halatang-halata ang nag-uumapaw na asar sa mayabang nilang kapitbahay.

“Issue ‘yan, ha,” di mapigilan ang ngiting sabi niya. “Totoo naman, ah.”

Hindi na niya ito kinontra. Sa kanilang subdibisyon, common knowledge na ang pagiging babaero ni Mang Roger kahit noong nabubuhay pa ang asawa nito. Nang mabiyudo, waring hindi na nito ikinahiyang ilantad sa madla ang likas na kalikutan sa mga babae. May panahon pa ngang nag-uwi ito ng babae sa bahay kahit noong kamamatay pa lamang ng asawa. Ayon sa tsismis, nagalit daw nang husto ang panganay nitong anak na si Randell kaya napilitan

si Mang Roger na paalisin ang querida.

“Gagong Roger na ‘yon!” patuloy na pagngingitngit ni Aling Dulce na sinabayan pa ng marahas na pagsinga sa suot na duster. “Pati angkang pinanggalingan natin, inaapi. Ano’ng karapatan niya? Noong araw sinapok na ‘yan ng ama n’yo dahil sa pagtawag sa akin ng ‘Bisaya’.”

“Talaga, Mommy?” maang na duweto nila ni Dang.

“Oo,” anito na sa kabila ng paghikbi ay naging proud ang hitsura. “Sinapok na ‘yon ng daddy n’yo. Nasa school kayo noon. Tinawag din niya akong ‘Bisaya’ at narinig ng ama n’yo. Halos umusok ang tenga sa galit na nilabas niya ang Roger na ‘yon.’”

“Bakit kayo tinawag na ‘Bisaya?’” natatawang tanong ni Dang.

“Nagtalo rin kami noon. Muntik na kasi akong malapa ng aso niya. Kung bakit naman hinahayaan niyang nakakawala ang alaga niya. Talagang minura ko siya noon kahit humihingi ng diskargo. Kaso, nagpanting na rin ang tenga niya, hanggang sa nagmumurahan na kami.”

“Grabe!” gilalas na sabi niya. Hindi niya alam kung dapat niyang hangaan ang pagiging tila

amasona ng ina.

“Eh, di ayun, nagpang-abot sila ng daddy n’yo sa kalsada,” patuloy ni Aling Dulce na ngayon ay napapangiti na habang may binubuhay na mga eksena sa alaala. “Putok ang kilay ng Roger na ‘yon. Aba’y uubra ba naman siya sa tatay n’yo, eh, ang laki-laki ng kaha n’on.”

“Paano sila naawat?” tanong niya.

“Lumabas si Amor,” anito na ang tinutukoy ay ang nasirang asawa ni Mang Roger. “Wala rin noon ang mga anak nila, nasa eskuwela yata. Nagpilit umawat si Amor. Natauhan naman ang ama mo dahil naawa sa kanya. May sakit na ‘yon noon.”

“Bakit hindi yata namin alam ‘yon, ‘My?’” ani Dang.

“Inilihim na namin sa inyo noon. Dangkasi’y ayaw ipasabi ng ama n’yo. Ang totoo, na-guilty kami sa nangyari at ayaw naming pati kayo ay maapektuhan. Hinimatay kasi sa kalsada si Amor habang umaawat.”

Nababaghang napatitig si Irish sa ina habang tutop ang pisngi. Kahit wala siya sa insidenteng binanggit nito ay parang malinaw niyang nakita sa isip ang mga pangyayari. At lihim siyang nakadama ng habag sa namayapang kabiyak ni Mang Roger.

Mabait ang babae at ni minsan ay hindi nakisawsaw sa hidwaang namamagitan sa pamilya nito at pamilya nila. Tahimik lamang ito at ayaw ng gulo. Wala silang ideya ni Dang sa malalim na sigalot ng dalawang pamilya na noong araw pa nagsimula.

Namulatan na niya ang alitan sa pagitan ng pamilya nila at pamilya ni Roger Osorio. Lumaki sila ni Dang na malayo ang loob sa mga ito. Ang naaalala niya, mga bata pa lang sila ay binabawalan na sila ni Aling Dulce na lumapit o makipaglaro man lang sa dalawang anak ni Mang Roger. Wala siyang ideya kung bakit. Pero dahil musmos pa, sinunod niya ang ina nang walang tanong. Lumaki siyang asar sa magkapatid na Randell at Rolly.

Nang magkaisip at magsimulang ma-curious sa mga bagay-bagay, nagsimula siyang mag-urirat sa mommy niya hinggil sa ugat ng iringan nito at ng mga Osorio. Wala naman itong binanggit na malinaw na dahilan. Ang sinabi lang nito, malaon nang magkaaway ang pami-pamilya ng mga ito at ang galit ni Aling Dulce kay Mang Roger ay extension na lamang ng galit ng mga magulang nito sa mga Osorio noong araw pa.

Malabnaw na dahilan pero binili na rin niya.

Ayon sa kuwento, dalaga na ang mommy niya



nang maging kapitbahay ng mga ito ang pamilya ni Mang Roger. Tubong-Aklan ang grandparents niya at napalipat lamang ng Quezon City, sa *San Martin Village*, nang makabili rito ng bahay ang lolo niya, eksaktong katapat ng bahay ni Mang Roger. Nagmula naman sa La Union ang pamilya ng kapitbahay nila at mas nauna lamang nang kaunti na mamirmihan sa San Martin kaysa kanila. Nang maulila at magsipag-asawa ang dalawang kapatid, naiwan na sa lalaki ang bahay ng mga ito. Pinagiba nito iyon at nagpagawa ng mas malaki nang makapag-asawa.

Samantala, sa mommy ni Irish napunta ang bahay ng lolo at lola niya nang yumao ang mga ito. Bato iyon sa ibaba at tabla ang itaas. Yaring sinauna pa iyon pero maganda at matibay pa rin komo ilang beses nang ipina-restore at ipina-renovate ng mga magulang niya.

Ang dalawang mortal na magkaaway ay nanatiling magkapitbahay at hindi na nakaisip na manirahan sa malayo kahit may sari-sariling pamilya na. Nang sumibol sila nina Dang sa mundo, at ang magkapatid na Randell at Rolly, lalong lumaki ang angkan ng dalawang magkaalitang partido. Pati nga ang mga relatives niya sa father side ay nadamay na at nakisawsaw na rin sa gulo.

Sa gulang niya ngayong twenty-four, mas matanda sa kanya si Randell ng tatlong taon at kaedad naman niya ang kapatid nito. Naaalala niyang noong nasa elementary siya, allergic na allergic siya sa dalawang lalaking iyon. Tuwing makakasalubong niya ang mga ito ay iniismiran niya. Nang magsimulang magkaisip si Dang, ginawa niya ang lahat upang impluwensyahan ang kapatid at magtanim din ng inis sa dalawang batang Osorio.

At mula noon, dalawa na silang umiirap ni Dang sa tuwing makakasalubong nila ang sinuman sa mga anak ni Mang Roger. Tinatawanan lang sila ng mga ito at lalong inaasar, tinutukso ng kung anu-ano kahit hindi totoo, bagay na lalong nagpalala ng disgusto niya sa mga ito.

Noong magdalagita siya at matuto ng magagandang asal sa mataas na paaralang pinatatakbo ng mga madre, nag-mellow na siya. Hindi na siya antipatika sa mga binatilyong anak ni Mang Roger. Hindi na niya iniismiran ang mga ito, bagkus ay naging ilag pa nga siya sa dalawa. In return, naglubay na rin ang mga ito sa pang-aalaska sa kanya.

Kalaunan, kapag nakakasalubong siya, mistulang hindi nag-e-exist na ni hindi siya pinupukulan man lang ng sulyap ng sinuman kina Randell at Rolly.

Saka naman siya lihim na naapektuhan sa hindi na pamamansin sa kanya ng dalawa, partikular ni Randell. Hindi niya maunawaan kung bakit tila hinahanap-hanap niya ang nakagawian nang pamumuwisit nito sa kanya.

Fourth year na siya sa high school nang ma-realize niyang hindi naman pala siya talagang galit sa mga ito. Na ang paimbabaw na inis niya sa familia Osorio ay dulot ng impluwensya ng mommy niya. At ang kasungitan niya ay front lamang upang tabunan ang tunay niyang nararamdaman, damdaming hindi niya malimi kung paano at kung kailan talaga nagsimula.

Basta ang alam lang niya noon, lihim niyang crush ang guwapo ang simpatikong panganay ni Mang Roger.

## 2

Tarantang ikinubli ni Irish ang sarili sa likod ng bintanang yari sa capiz nang makitang lilingon si Randell sa direction ng kanyang silid. Wala itong kamalay-malay na kanina pa niya ito lihim na pinanonood sa paglalaro nitong mag-isa ng basketball.

May maliit na court sa isang panig ng bakuran ng mga Osorio na tanaw mula sa kanyang silid. Madalas, tuwing hapong papadilim, natatanaw niyang naglalaro ng basketball ang magkapatid. Kung minsan ay dinarayo pa ang mga ito ng ilang kabarkadang mahilig ding maglaro.

Hindi naman niya talaga binalak na panoorin si Randell. Nakahiga siya sa kama at na-curious lamang nang makarinig ng dribble ng bola. Sumilip siya at nakita nga niyang mag-isang naglalaro ang lalaki, hanggang sa makatuwaan niyang lihim na itong panoorin.

Aminado siyang hanga siya sa physical attributes ni Randell. Maskuladong pangangatawan na bagay sa taas nitong marahil ay nasa anim na talampakan. Hubad-baro ito. Shorts at rubber shoes lamang ang attire nito habang naglalaro. Ang kayumangging

balat nito ay pawisan na at nangingintab sa tama ng liwanag ng papalubog na araw.

Siguro ay naramdaman ni Randell ang mga matang nakamasid dito kaya panay ang linga. Mabuti na lamang at medyo madilim ang kinaroroonan ni Irish at maagap siyang nakakapagtago sa tuwing nagagawi sa bahay nila ang naghahahanap nitong tingin.

Kinakabahan siya pero lihim ding natutuwa sa ginagawang kapilyahan. Kunsabagay ay wala namang masama, pagdedepensa niya sa sarili. Humahanga lamang siya sa isang makisig na nilikha at ano ang bawal doon?

*Gaga!* hiyaw ng isang bahagi ng utak niya na kanina pa nagbababala sa kanya. *Magkaaway ang mga pamilya ninyo at ang alam ni Randell ay sukdulan hanggang langit ang asar mo sa kanya. Ano ngayo't sisilip-silip ka d'yan? Baka akalain pa ng lalaking 'yan na pinagnanasaan mo siya!*

*Isa na lang, promise,* sagot din niya sa isip. Natatakot din siyang mahuli ni Randell. Nakakahiya. Baka kung ano pa ang isipin nito.

Sa muling pagsilip niya sa labas, naengganyo siyang mas tagalan pa ang panunubok. Umaasa

siyang hindi siya mahuhuli ng binata dahil papadilim na ang paligid at hindi rin nakasindi ang ilaw ng silid niya.

Nasa tiyempong magbubuslo ito mula sa three-point area at waring nagkokonsentra. Nang sa wakas ay ihagis nito ang bola, napasinghap pa siya sa anticipation.

*Sablay!* nangingiting naisaloob niya nang makitang ni hindi tumama sa ring ang bola

“Bopol!” natatawang hiyaw nito patungkol sa sarili.

Tawang kaagad naudlot nang waring maramdaman na naman nito ang kakaibang presence sa paligid. Muli, ang pabiglang paglingon nito sa gawi niya.

Para siyang itinulos sa kinatatayuan nang magtama ang kanilang mga mata. Sumikdo ang dibdib niya, kung sa pagkagitla o kahihiyan ay hindi niya tiyak. Ang alam lang niya ay nangangapal ang kanyang mukha sa pamumula.

Saglit lamang ang pagkagulat ni Randell nang makita siya. Napangisi ito, pagkuwa’y kumaway at kumindat pa sa kanya na animo’y isa siyang fan na tagatangkilik nito.

*Ang yabang ng bastos! Bano namang maglaro!* napapahumindig na naisaloob niya, pagkuwa'y inirapan ito. Pagalit na isinara niya ang bintana at padabog na muling bumalik sa pagkakahiga.

*Defense mechanism*, naisip niya. Hindi naman talaga siya galit kay Randell sa inakto nito, manapa'y sa sarili. Hiyang-hiya siya na nahuli siya nitong nanonood dito. Ano na lamang ang iisipin nito?

Itinakip ng dalaga ang mga kamay sa mukha na tila ba sa paraang iyon ay mapapalis ang nadarama niyang panliliit. Ngunit bakit parang nakikita pa rin niya ang mukha ni Randell? Buhay na buhay pa rin sa isip niya ang salbaheng ngiti nito kanina habang magkatanawan sila.

Napangiti siya. Aminado siyang mas nananaig ang kilig niya kaysa hiya. Somehow ay natutuwa siya na pinansin siya nito kahit pa ang kahulugan niyon ay pang-iinis lamang sa panig nito.

Kahit malabo, naisip niyang wala sigurong masama kung magiging magkaibigan sila ni Randell.

*Kaparis ng dati.*

Tulad na kani-kanilang magulang, sila ni Randell ay may personal ding pinagkagalitan noong araw. Isang di-pagkakaunawaang sumabay na sa paglakad

ng panahon at hindi nila nagawang ayusin noon.

Noon ay may isang pagkakataong nagkalapit ang mga kalooban nila ng binata. Pagkakalapit na bagaman lingid na lingid sa kani-kanilang pamilya ay inakala niyang mauwi sa isang romantikong wakas. Gaano katagal na nga ba iyon? Pitong taon? Walong taon?

Bumuntong-hininga siya at pinilit buhayin sa isip ang bittersweet na mga alaalang bahagi ng kanyang kabataan....

---

*Graduating si Irish sa high school noon at kamamatay lamang ng daddy niya dulot ng isang aksidente sa karagatan. Seaman ang ama niya at ang luxury ship na kinalululanan nito ay lumubog sa karagatang malapit sa baybayin ng Somalia. Mapalad silang na-recover ang mga labi nito at naiuwi sa kanila.*

*Dumalaw ang pamilya Osorio sa burol ng daddy niya, isang bagay na hindi niya inaasahan noon dahil sa matinding hidwaang namamagitan sa dalawang pamilya. Nangamatay nga ang abuelo at abuela niya nang ni hindi man lamang sumisilip sa burol ang sinuman sa mga Osorio, kaparis din ng hindi nila pakikiramay nang ang mga magulang naman ni Mang*



*Roger ang namayapa.*

*Sa pagyao ng daddy niya, nagpahayag ng pagdamay sa pamilya nila ang mag-asawang Roger at Amor, pati na rin ang dalawang anak ng mga ito. Naghandog pa nga ng malaking abuloy ang mag-asawa na taos-pusong pinasalamatan ng mommy niya.*

*Kahit walang naganap na pakikipagkasunduan noon, alam niyang natuldukan na ang malaon nang bangayan ng mga pamilya nila. Kahit siya ay awtomatikong naging friendly kina Randell at Rolly bilang pagsukli sa mabuting gesture ng mga ito. Halos magdamag na kahuntahan niya ang magkapatid sa lamay ng daddy niya.*

*Ilang buwan lamang pagkamatay ng kanyang ama, si Aling Amor naman ang namaalam sa mundo. Bumigay na ang katawan nito sa malubhang karamdamang nagpapahirap dito. Sa pagkakataong iyon ay ang pamilya naman nila ang nagpaabot ng matinding pakikisimpatya sa mga inulila ng butihing maybahay ng mga Osorio.*

*Hindi man masasabing tuluyang nagkalapit, naging amiable na ang dalawang dating magkaalitan pamilya. Kapag nagkakasalubong sa daan, magiliw na nakikipagbatian na sila sa sinuman sa mga Osorio. Madalas nga, kapag nakakasakay niya sa jeep ay*

*ipinamamasahe pa siya ng sinuman kina Randell at Rolly. Naging kabiruan na rin niya ang dalawang lalaki.*

*Noon ay aware siyang lumalala na ang lihim niyang admiration kay Randell. Isang damdamin iyong hindi niya gustong itanggi o kuwestyunin man lang. Gusto niya ang personalidad nito at masaya siya sa tuwing nakikita ito. Kung noon pa niya binigyang-pagkakataong kilalanin ang magagandang katangian nito, disin sana ay matagal na silang nagkapalagayan ng loob. Dangan at nabulag siya sa maling impluwensya ng kanyang ina.*

*Kontento na siya noon sa mabait na pakikitungo sa kanya ng binata. Hindi na siya naghahangad ng espesyal na trato mula rito maliban sa isang simpleng pakikipagkaibigan. Pero ano ba't tila kay bait sa kanya ng langit noon. Si Randell na mismo ang naglapit ng kalooban nito sa kanya, higit pa kaysa dinarasal niya...*

*Isang hapon iyon na hindi niya inaasahang aabangan siya nito sa labas ng pinapasukan niyang eskuwelahan. Parang tumalon ang puso niya sa tuwa sa unang pagtatama pa lamang ng kanilang mga mata. Nang tanungin niya ay sinabi nitong siya talaga ang sadya.*

*“Birthday ko,” maagap na sagot nito nang mapansin ang pagtataka sa kanyang anyo. Nakangiti ito pero halata ring nananantya. “Naisip kong i-treat ka... kung okay lang sa ‘yo.”*

*“Gano’n ba?” tuwang sabi niya. “Happy Birthday!”*

*“Thanks. O-okay lang ba sa iyo if I invite you out?” ulit nito. “Just anything for refreshment.”*

*“W-why not?” aniyang bagaman nakikimi ay lihim namang kinikilig. Pinilit niyang salubungin ang matiim nitong tingin. “I.. I just wonder, of all people, bakit ako?”*

*Tumawa nang malutong si Randell. Tawang hindi niya maintindihan kung bakit kay sarap sa kanyang pandinig.*

*“At bakit hindi ikaw?” amused na sabi nito. “Magkaibigan naman na tayo, di ba? That alone is something to celebrate.”*

*Tumawa na rin siya dahil parang nagbibiro ang binata. “S-sige,” pagpapaunlak niya. “Pero sa malapit na lang sana.” Lumibot ang kanyang tingin at huminto sa isang kalapit na snack house.*

*“Uh-oh! Not there!” natatawang saway nito nang mabasa ang nasa isip niya. “I’m not too cheap a*

*celebrant just to take you there. You see, it's my birthday. May budget ako para sa mga ganitong okasyon."*

*Nailing na napangiti si Irish. Hindi nga naman niya dapat menosin si Randell. May fishponds at livestock business ang pamilya nito sa probinsya kaya may kakayahang gumastos nang magarbo kung gugustuhin. Hindi kaparis nilang ang inaasahan lamang ay ang pensyon ng daddy niya at ang paminsan-minsang pag-aahente ng alahas ng kanyang ina.*

*"Kagabi, may naririnig akong parang kasayahan sa inyo. Parang may birthday," kuwento niya nang maalala ang ingay sa bahay ng mga Osorio nang nagdaang gabi. Madaling-araw na ay may mga nagbi-videoke pa rin.*

*"Actually, kahapon talaga ang birthday ko," paliwanag ni Randell. "Nagdatingan ang mga pinsan ko at ilang kaeskuwela."*

*"At 'yung ngayon?" salo niya na ang ibig talagang sabihin ay kung bakit siya ibu-blowout nito gayong tapos na pala ang birthday nito.*

*"Yung ngayon ay extension ng birthday ko," nakangiti pero seryosong sabi nito. "And I want to celebrate it again, only this time, with someone special."*

*Natigilan siya, pinilit salubungin ang tingin ng*

*kaharap kahit asiwang-asiwa ang pakiramdam.*

*“I mean... special friend,” maagap na pagtatama nito na sinundan pa ng makahulugang ngiti.*

*Kiming ngumiti siya pero iniibas ang tingin. Kung may mga ibig ipahiwatig si Randell, huwag sana siyang biglain. Huwag sa mga sandaling ito. Hindi pa niya naihahanda ang sarili. Baka manlambot ang mga tuhod niya at tuluyan siyang himatayin sa kilig.*

*“C’mon,” sabi ni Randell.*

*Bumaling siya rito at tumango. Ang inaasahan niya ay papara ito ng jeep. Kaya nagulat siya nang alalayan siya nito sa siko at igiya sa isang nakaparadang asul na Honda City sa labas ng gate ng kanilang campus.*

*“Regalo ng Daddy kahapon,” nakangiting sabi nito bilang tugon sa nagtatanong niyang anyo. “Second-hand lang ito pero in good running condition pa rin.”*

*“Hindi naman halata,” nakangiting komento niya.*

*“Hindi halatang in good running condition?”*

*“Hindi,” napahagikgik na pagtatama niya. “I mean, hindi halatang second-hand.”*

*“Ah. Thanks,” nakatawang saad nito saka siya inalalayang makasakay sa tabi ng driver seat. Nang*

*makitang komportable na siya sa kinauupuan, lumigid ito sa kabila upang sumakay na rin.*

*Si Randell ang nag-umpisa ng kuwentuhan nang magsimulang umandar ang sasakyan. Si Irish naman ay unti-unti nang napapalagay sa binata. Iniwasan na kasi nitong magbukas ng mga paksang alam na ikaaasiwa niya.*

*“Graduating ka na, ano bang course ang iniisip mo?” anito mayamaya.*

*“HRM sana. Pero Nursing ang gusto ng Mommy na kunin ko.”*

*“Gusto ng mommy mo?”*

*“Actually, gusto ko na rin,” natatawang tugon niya. “After all, sa akin naman ang huling pasya. Naisip ko lang na maganda rin ang Nursing dahil in demand sa abroad. Eh, ikaw, kumusta’ng pag-aaral mo? Psychology ang course mo, di ba?”*

*“Yup. Industrial Psychology. Medyo tagilid lang ‘yung iba kong subjects ngayon dahil sa pagkakasakit ni Mommy. Hindi ko maiwasang mag-a-absent nang husto.”*

*“I’m sorry,” naaawang sabi niya nang makitang lumungkot ang anyo nito. On impulse, muntik na*

niyang mahaplos ang isang pisngi nito kung hindi lang niya naagapan ang sarili. “It’s barely a month now. I know medyo sariwa pa, but you’ll eventually get over it, believe me.”

“Look who’s talking,” pagtatangka nitong magbiro upang wari’y pagaanin ang kalooban nila pareho. “Aren’t we sharing the same sentiment?”

Kahit kapwa nalulumbay, nagkatawanan sila. Kung saan-saan pa nauwi ang pag-uusap nila. Naputol lamang iyon nang humantong sila sa kanilang destinasyon.

Isang Mexican restaurant iyon sa loob ng isang mall sa Cubao. Nang matapos kumain ay niyaya siya nitong maglibut-libot sa naturang establishment. Nang mapagod ay nag-aya na siyang umuwi kahit tila ayaw pa nito. Hiniling nito na sana ay muli silang makapamasyal sa ibang pagkakataon. Pumayag siya.

Habang pauwi ay kung anu-ano lamang din ang napag-usapan nila. Nagulat si Randell nang magpababa siya kahit isang bloke pa ang layo ng kanilang bahay.

“Ayokong malaman sa amin ang pagsama kong ito sa ‘yo,” paliwanag niya.

Kumunot ang noo nito. “B-bakit? Okay naman na ang pamilya n’yo at pamilya namin.”

*“K-kahit na,” nahihiyang tugon niya. “Ayoko lang mabigla ang mommy ko. Hindi ako handa sa mga itatanong niya kung sakali.”*

*Naunawaan siya nito. Nang bumaba siya, pinauna siya nito habang sa isang malayu-layong distansya ay nakabuntot at nakatanaw ito sa kanya, alalay sa pagpapatakbo ng kotse.*

*Nang makapasok si Irish sa kanilang bahay, kaagad siyang nagkulong sa silid. Ang saya-saya ng pakiramdam niya. Para siyang lumulutang sa alapaap. Nahiling niyang sana sa susunod ay manligaw na si Randell.*



# 3

*Naulit pa ang mga lihim na paglabas-labas nila ni Randell. Namamasyal lamang sila at kumakain. Sa mga pagkakataong kasama ito, damang-dama ni Irish ang isang uri kapanatagan at seguridad. Napakamaalalahanin nito sa kanya. Para siyang mamahaling bagay na iniingatan nang husto. Pakiwari tuloy niya, sa piling nito ay makakaya niyang suungin ang lahat.*

*Ang hindi lamang malinaw sa kanya ay kung ano ba ang relasyon nila. Magkaibigan? Magnobyong? Ngunit ni minsan ay hindi ito nagpahayag ng saloobin sa kanya. Hindi siya nililigawan. Wala ang mga pahiwatig na hinihintay niya.*

*Sweet at magiliw ito sa kanya, oo. Pero parang hanggang doon lamang iyon. Waring kontento na itong paakbay-akbay sa kanya, pahawak-hawak sa kamay niya. May mga pagkakataong tila natutukso itong halikan siya, ngunit sa huli ay parang nagbabago naman ng isip. Bagay na labis niyang pinagtatakan. Nararamdaman niyang parang may kung anong bagay na pumipigil ditong gawin ang idinidikta ng kalooban.*

*Inisip na lamang niya na ang pag-iingat sa*

*kanya ni Randell ay dala ng pagiging maginoo nito. Pinoprotektahan siya komo sixteen lamang siya at maituturing na hindi pa hinog. At sa tamang panahon, ilalagay nito sa ayos ang lahat.*

*Sa mga isiping iyon, nakokontento na ang kanyang kalooban. Napapayapa na ang kanyang isipan.*

---

*“Hindi ka ba nabo-bore na kasama ako?” tanong minsan ni Randell habang iniuugoy siya sa swing.*

*Naisipan nitong ipasyal siya sa Parks and Wildlife nang araw na iyon pagkatapos siyang sunduin sa eskuwela. Periodical exam nila at half day lamang ang pasok niya, samantalang semestral break naman ng mga ito kaya walang pasok sa universidad.*

*“Bakit? Ikaw ba, nabo-bore na kasama ako?” balik-tanong niya, natatawa.*

*“Hindi, ah,” maagap na tugon nito, malawak ang ngiti. “Bakit naman ako mabu-bore? Gusto ko nga magkasama tayo araw-araw.”*

*Itinukod ni Irish ang mga paa sa lupa upang huminto sa pag-ugoy ang swing, pagkuwa’y tiningala ang binata. “Bakit gusto mong magkasama tayo araw-araw?” pananalakab niya.*

Hindi niya alam kung saan siya humugot ng lakas ng loob para itanong iyon dito. Siguro, naglalaro na rin sa isip niyang makipaglinawan na rito. *Once and for all*, dapat na niyang klaruhin ang anumang malabo sa kanila.

Mahal na niya si Randell, malinaw na iyon sa kanya ngayon. Kung hihilingin lamang nitong sagutin niya, hindi ito magdadalawang-salita. Handa na ang kalooban niya sa isang relasyong pinapangarap niya sa isip.

“Siyempre,” sagot nito sa tanong niya, hindi nababawasan ang nanunudyong ngiti. “Para makapamasyal tayo araw-araw.”

“Bakit nga?” aniya, nawala ang ngiti at tila ibig mapikon. Kailangan pa bang magpaliguy-ligoy nang ganito ni Randell? Akala ba nito ay nakikipagbiruan siya kaya nilalaru-laro nito ang dapat ay seryosong usapan? Ang gusto pa yata nito ay sa kanya magmula ang pagtatapat.

“Bakit, ayaw mo ba?” ganting tanong nito.

Doon na siya napuno. Iyong tayo niya sa swing ay binirahan niya ng alis.

“Irish, sandali!” nagtatawang tawag ni Randell, inisip marahil na nagbibiro lamang siya.

*Walang lingon-likod na binilisan niya ang lakad. Ngunit napilitan siyang huminto nang lampasan siya nito at harangan ang nilalakaran niya.*

*“Y-you’re crying...” natitigilang puna nito nang itaas nito ang mukha niya at makita ang ilang luhang dumadaloy sa kanyang mga pisngi.*

*Walang tugong iniibas niya ang tingin. Ipinihit niya ang katawan at naglakad sa ibang direksyon.*

*Mula sa likuran niya ay naramdaman niyang niyapos siya nito bilang pagtatangka na pigilin siya.*

*“I’m sorry... I’m so sorry, Irish,” di-magkadatutong hayag nito upang payapain siya.*

*“H-hinihiya mo ako,” humihikbing sabi niya kasabay ng marahas ng pagpahid sa kanyang luha.*

*“I’m sorry,” ulit nito. “Binibiro lang kita. I have no intention whatsoever to offend you or something.”*

*Hindi siya tumugon. Masama pa rin ang loob niya.*

*Ipinihit siya ni Randell at iniharap dito. Seryosung-seryoso ang mukha nito habang nakatitig sa kanya. “Hurting you is the last thing on my mind, believe me,” anas nito, punung-puno ng sari-saring emosyon ang anyo.*

Nang pahirin nito sa pamamagitan ng likod ng mga daliri ang ilang natirang bakas ng luha sa kanyang mga pisngi, tila napahid na rin ang anumang pagdaramdam niya.

Unti-unti, waring may pangingimi pang sumayad ang mga labi ni Randell sa mga labi niya. Sa umpisa ay padampi-dampi lamang ang mga halik nito na tila nanunuyo, hanggang sa lumalim.

Napapikit siya. Kay sarap namnamin ang una niyang halik mula sa isang lalaking pinapangarap niyang tanging maggagawad sa kanya niyon. Parang may isip na kusang yumapos ang mga kamay niya sa leeg nito. At kasabay ng pagtugon sa maalab na halik na iyon ay ang pag-amin sa sariling mahal na nga niya talaga ang lalaking ito.

Kagyat na naputol ang halik nang maramdaman nila ang iba pang presence sa paligid. Awtomatiko silang kumalas sa isa't isa. Saka lang nila na-realize na nasa isang parke sila at pinagtitinginan ng ilang miron.

“Randell...!” hiyang-hiyang nausal niya.

“It’s okay,” nakangiting sabi nito sa kanya bagaman namumula rin. “Tara, kain tayo.” Inakbayan siya nito at iginiya sa kotse nitong nakaparada sa di-

*kalayuan.*

*Wala silang kibuan habang nagmamaheho ito. Parang wala ni isa sa kanila ang gustong magbukas ng paksa kaugnay ng nangyari kanina. Basta ang alam ni Irish ay nagdiriwang ang puso niya. Masaya siya habang kam panteng nakasandig lamang sa isang balikat nito.*

*May gusto siyang marinig mula rito. Pero kung hindi pa nito masasabi ngayon, ayos lang sa kanya. Hindi maglalaon ay alam niyang ipapahayag din nito ang mga katagang gusto niyang marinig. Ang importante, alam niyang ang kanilang mga puso ay lihim nang nagkakaunawaan.*

---

*Hindi maunawaan ni Irish, pero tila walang intensyon si Randell na makipaglinawan sa kanya nang sumunod na mga araw. Nalalabuan pa rin siya sa relasyon nila. Para siyang nasa balag ng alanganin.*

*Kahit madalas pa rin siya nitong sinusundo sa eskuwela at ipinapasyal, kakatwa na parang iniawasan na nitong maging intimate sila na kaparis ng nangyari noon sa park. Caring at malambing pa rin ito sa kanya, pero parang may kaunting pagkaasiwa na sa mga kilos nito. Waring iniawasan na nito ang malimit na*

*pagdadaiti ng kanilang mga balat.*

*Madalas, nahuhuli niya ang binata na matamang nakatingin sa kanya. Parang may gusto itong sabihin na hindi naman maituluy-tuloy. Kapag tinanong niya kung ano ba ang problema, panay naman ang tanggi. Tatawa lamang, pagkuwa'y masuyong pipisilin ang kanyang ilong.*

*May suliraning dinadala sa dibdib si Randell, tiyak niya. Kung bakit naman hindi niya ito mapiga upang magtapat. Minsan tuloy, hindi na niya maiwasang lihim na magdamdam sa pagiging malihim nito.*

*Huli na nang madiskubre niyang siya pala mismo ang mabigat na pinoproblema nito.*

*Kalalabas lamang nila noon mula sa pamimili ng ilang libro sa National Bookstore sa Shangri-La Plaza nang maagaw ang pansin nila ng pagtawag ng isang babae.*

*Kitang-kita niyang namutla ang binata na tila tinuklaw ng ahas nang makilala ang tumawag. Halatang nanigas ito sa kinatatayuan, hindi malaman ang gagawin.*

*Lumapit ang babae sa kanila, nakangiti ngunit halatang nagtatanong ang anyo nang sulyapan siya. "Hi, Randell!" masayang bati nito sa lalaki. "If only I*

knew na pupunta ka rin dito, sana ay nagpasama na ako. I shopped all alone. Sana ay may tagabitbit ako ng mga ito.” Tumawa ito, tandang biro lang ang huling sinabi, kasabay ng pagpapakita ng mga plastic bags ng mga pinamili.

“H-hindi mo ako sinabihan,” nakatawang saad ni Randell na tila medyo nakabawi na sa pagkabigla.

Nakangiting nakikinig lamang si Irish sa dalawa habang lihim na pinag-aaralan ang anyo ng babae. Maganda ito at mukhang moderna. Tanya niya ay nineteen years old din ito na paris ni Randell.

“Hindi mo ba ako ipakikilala sa kanya, Randell?” malambing na tanong ng babae na sa kanya nakatingin.

Nakita niyang naging asiwa ang ngiti ni Randell, halatang nagpipilit lamang panatilihin ang composure.

Parang nahihiyang tumingin muna sa kanya ang binata bago muling bumaling sa babae. “Lizzy, I want you to meet, Irish, kapitbahay at kaibigan ko. Sinamahan ko siyang bumili ng mga books.”

Nabigla siya sa paraan ng pagpapakilala sa kanya ni Randell. Ang akala niya ay ipakikilala siya nito bilang girlfriend nito. Nahihiya ba itong ipaalam sa iba kung ano ang relasyon nila?



*Pero teka, girlfriend nga ba siya nito? Wala naman silang pormal na unawaan. Baka siya lamang ang nag-a-assume ng ganoon.*

*Hindi niya inaasahan na mas ikabibigla pala niya nang ang babae naman ang ipakilala sa kanya ni Randell.*

*“Irish, meet Lizzy... g-girlfriend ko,” sabi nito na tila napipilitan lang.*

*Natutop niya ang bibig sa tila nakakayanig na pahayag ng binata. Kay bilis ng realisasyon sa isip niya.*

*Niloko siya ni Randell!*

*“Hi!” nakangiting bati ni Lizzy sa kanya na tila hindi naman napuna ang kakatwa niyang reaksyon. Nakalahad pa ang isang kamay nito.*

*“H-hi,” tugon niyang kahit tila sasambulat ang dibdib sa sari-saring emosyon ay nakuhang tanggapin ang pakikipagkamay nito.*

*Bumaling ang babae kay Randell. “Samahan mo naman ako,” malambing na pakiusap nito. “Dadaan pa ako sa boutique ni Darren.”*

*“P-pero...” Halatang alanganin si Randell, kitang-kitang hirap ang loob.*

*Naiintindihan ni Irish na namomroblema ito sa kinasuungang sitwasyon. Ang hindi niya kayang intindihin ay ang kalokohang ginawa nito sa kanya.*

*“Samahan mo na siya, Randell. Mauuna na ako,” aniya rito. Hindi niya mapaniwalaang nagawa pa niyang magpakaipokrita at ngumiti sa dalawa na parang walang anuman.*

*Hindi na niya hinintay ang sagot ng binatang tigagal na nakatitig lamang sa kanya. Mabilis siyang nagpaalam sa mga ito at lumayo na.*

*Humantong siya sa isang cubicle sa rest room ng mga babae.*

*Doon, impit na umiyak siya nang umiyak.*

---

*Hindi iilang beses na nagtangka si Randell na kausapin siya. Pero para kay Irish, wala nang dapat pang pag-usapan. Malinaw na ang lahat. Nagawa nga siyang lokohin at paglaruan nito, ano ang garantiyang magsasabi pa ito ng totoo?*

*Kay tanga niya para magpadala sa mga kabaitang ipinakita nito. May nobya na pala itong iba ay nakikipagmabutihan pa sa kanya. Sa tuwing naiisip niya iyon ay talagang nanggigigil siya sa galit at*

sama ng loob. Noong una ay binalak niya itong sumbatan at pamukhaan pero hindi rin niya ginawa. Baka sumambulat lamang sa harapan nito ang mga kinikimkim niyang emosyon, lalo lang siyang magmumukhang kaawa-awa.

Sa umpisa, maraming sulat ang sinubukan nitong iparating sa kanya. Mga sulat na ni hindi niya pinag-interesang buksan at dumerecho lamang sa basurahan.

Hindi lamang din nito miminsang tinangkang abangan siya sa labas ng kanilang eskuwelahan. Ngunit hindi siya nito masumpungang nag-iisa. Sinasadya niya kasing sumabay sa mga kaeskuwela niyang pulu-pulutong kung lumabas ng gate; iniawasan niyang mapahiwalay sa company ng alinmang grupo. Tuloy, natuto siyang gumimik at maglakwatsa, makaiwas lang kay Randell.

Minsan, noong inakala niyang safe na siya at hindi na guguluhin nito, saka naman siya nito natiyempuhang palabas ng campus na nag-iisa. Nagulat pa siya nang bigla siyang tabihan nito sa pag-aabang niya ng jeep sa waiting shed.

“Irish, mag-usap naman tayo, please,” nagmamakaawa ang anyong samo nito.

Awtomatikong napaurong siya na waring

*naririmarim sa presence nito.*

*“Irish, please...” Tinangka nitong hawakan siya.*

*Bigla siyang napatakbo pabalik sa guard na nakabantay sa gate. “Manong, may huma-harass ho sa akin, o,” kunwa’y pagpapagibik niya, sabay turo kay Randell.*

*Natigilan ang binata sa paghabol sa kanya nang marinig ang sumbong niya sa guwardya.*

*Kumunot ang noo ng sikyu. Tumingin ito sa lalaking itinuro niya, pagkuwa’y bumaling uli sa kanya. “Hindi mo ba kilala ‘yan?” tanong nito sa kanya na ang tinutukoy ay si Randell. “Parang siya ‘yung lagi kong nakikitang sumusundo sa ‘yo, ah.”*

*“H-hindi ho,” pagkakaila niya. “Ngayon ko lang siya nakita.”*

*Lalong kumunot ang noo nito. “Sandali, ha? Dito ka lang.” Iniwan siya nito at nilapitan si Randell upang sitahin.*

*Lihim siyang kinabahan. Kahit galit siya sa binata, hindi niya hinahangad na masubo ito sa gulo. Bigla siyang nakadama ng pagsisisi sa ginawang pagtatwa rito. Baka masaktan lamang ito ng guard kapag nagtangkang mangatuwiran at magsasagot.*

Ngunit nakita niyang mahinahong nag-usap ang dalawang lalaki. Patingin-tingin pa nga ang mga ito sa kanya habang nagpapaliwanag si Randell.

Sinamantala niya ang pagkakataon. Tumalilis siya at mabilis na pinara ang isang dumaraang taxi. Nakita niyang hahabol sa kanya si Randell ngunit naagapan itong pigilan ng guard sa braso.

“Bata, hayaan mo na siya,” nagbababalang sabi ng sikyu. “Kung ayaw makipag-usap ng syota mo, huwag mong pilitin.”

Syota! sarkastikong gagad ng isip ni Irish nang sakay na ng taxi at nag-uumpisa na iyong umandar. Ganoon ba ang sinabi ni Randell sa guard na relasyon nila? Hah! Kung noon nga ay hindi siya ma-identify nito bilang nobya nito, ngayon pa bang malabung-malabo na ang ugnayan nila? Nakakatawa naman.

Lumingon siya at nakita si Randell, malungkot ang anyo habang habol ng tingin ang taxi na sinasakyan niya.

May awang humaplos sa kanyang puso para rito, pero binale-wala niya kaagad ang damdaming iyon. Siya ang inapi. Bakit kung umasta si Randell ay parang ito ang ginawan ng kasalanan at apektadung-apektado?

*Ah, nagi-guilty lamang ang walanghiya sa mga katarantaduhang pinaggagawa niya sa akin!*

*Bigla ay nalasahan niya ang alat ng sariling luha. Saka lamang niya natuklasang umiiyak na pala siya.*

---

*“Hello!” bati ni Irish nang angatin ang telepono.*

*Walang sagot pero may narinig siyang nagbuntung-hininga. Tila hindi malaman ng nasa kabilang linya kung paano uumpisahan ang nais sabihin.*

*“Hello?” ulit niya, may suspetsang nabubuo sa isip.*

*“I-Irish, please... mag-usap tayo,” sa wakas ay sabi ng caller.*

*Napakagat-labi siya. Sinasabi na nga ba niya’t si Randell ang kausap niya.*

*“Please,” muling samo nito nang hindi siya tumugon.*

*“W-wala po si Ate rito,” aniyang pinaliit ang tinig para magaya ang boses ni Dang. “U-umalis po. S-sino po sila?”*

*“Irish, alam kong ikaw ‘yan!” ani Randell na bigla ay tila nagkaroon ng galit sa tono. “Don’t try that mimicry on me. You’re a lousy impersonator, hasn’t*

anybody told you that?"

"How dare you!" bigla ang pag-aalsa ng kaloobang bulalas niya.

"I... I'm sorry," biglang bawi nito. "It's just that I'm so desperate I want us to talk. Sige na naman, o."

Pinagbagsakan niya ito ng telepono.

---

Marahil ay napiho ni Randell na wala na talaga siyang balak makipagliwanagan dito kaya sa huli ay sumuko na rin. Ang pag-uusap nilang iyon sa telepono ang huling pagtatangka nito. Nang minsang nakita siya nitong nag-iisa ay hindi na siya nilapitan. Nakatanaw lamang ito sa kanya buhat sa malayo, bakas ang resignation sa anyo.

Sa mga pagkakataong nagkakasalubong sila, umiiwas na ito sa kanya. Tila hindi kakilalang ni hindi siya binabati. Ang cold shoulder na inumpisahan niya ay sinusuklian lang nito ng kaparehas na pagtrato.

May mga gabing lihim na iniijakan pa rin ni Irish ang nangyari sa kanila ni Randell. Mahal pa rin niya ito at nanghihinayang siya sa masasayang sandaling pinagsamahan nila.

Minsan parang ibig niyang magsisi na hindi niya

ito hinayaang magpaliwanag noon. Hindi man lang niya nakuha ang panig nito. Baka may maganda itong rason na noon ay hindi niya binigyang-pagkakataong pakinggan komo ang puso niya ay punung-puno ng hinanakit. Kung hindi man sila nagkaayos, at least ay naghiwalay na lamang sana silang walang bigat na dinadala sa dibdib.

Ngunit nangyari na ang mga nangyari. Wala nang saysay na panghinayangan pa ang mga bagay na ginawa at hindi ginawa.

Sa pagdaan ng mga panahon, lalo nang lumabo ang tsansang magkakaayos pa sila ni Randell, lalo pa nga't ang mga magulang nila ay nagsimula na namang magbangayan.

Nineteen years old na siya noon. Sa pagkakataong iyon, ang alitan nina Mang Roger at Aling Dulce ay tungkol sa isang transaksyon ng mga ito na may kinalaman sa pagiging alahera ng kanyang ina. Noon lamang niya natuklasang may mga business dealings palang ginagawa ang dalawa. Kung paanong naging close ang mga ito nang hindi nila namamalayang mga anak ay isang hiwaga sa kanya.

Nagbibigay ng mga prospective clients kay Aling Dulce si Mang Roger at siyempre, may karampatang komisyon ang lalaki. Ang huling trabahong ginawa



*My Dearest Enemy - Lily Ann Muñoz*

---

*ng dalawa ay nabulilyaso nang tangayin ng isang kliyenteng biglang nag-migrate sa Canada ang mga pahulugang alahas ng mommy niya na nagkakahalaga nang malaki.*

*Bilang guarantor, liable siyempre si Mang Roger na panagutan ang mga nawalang alahas. Nagawa naman nitong mabayaran ang kanyang ina kahit installment, ngunit bago nangyari iyon ay katakut-takot munang patutsadahan, iringan at sumbatan ang nangyari. Nagkahamunan pa nga ng demanda.*

*The feud between the two families even worsened over time, with no apparent pertinent reasons.*

*And the rest was history...*

## 4

Dadalawa lamang sila ni Randell na nag-aabang ng masasakyan sa waiting shed nang umagang iyong papasok sila sa kani-kanyang trabaho. Para silang mga tuod na nakatayo roon at hindi nagpapansinan.

Sandali pa lamang nag-aabang si Irish doon nang dumating ito kanina. Nagtataka siya na magko-commute ito gayong may kotse naman ito.

Kay tigang leeg niya habang naghihintay ng mga jeeps na daraan ng *Philcoa* kung saan naroroon ang bangkong pinapasukan niya bilang teller. Maraming nagdaraang jeepney at FX pero punuan.

Sa sulok ng kanyang mga mata, nakita niyang pasulyap-sulyap ang lalaki sa kanya. Hindi tuloy siya mapakali kahit nagkukunwaring unmindful sa presence nito. Pero ang totoo, nako-conscious siya at kumakabog ang dibdib.

“Hey!” biglang untag ni Randell, dahilan para mapatingin siya rito. “Sa *DNB* ka, di ba?” anitong ang tinutukoy ay ang bangkong pinagtatrabahuhan niya. Bahagya pa itong lumapit sa kanya. “Dalawang magkasunod na biyaheng Fairview ‘yung dumaan, ah.

Walang ga'nong sakay. Bakit di mo pinara?"

Nagulat siya hindi lang dahil sa pagkausap nito sa kanya kundi dahil din sa kaalamang alam nito kung saan siya pumapasok. Nangangalap ba ito ng mga impormasyon tungkol sa kanya? Nakikibalita hinggil sa mga activities niya? Well, if that was the case, pleased and flattered siya.

*Pero bakit?* naguguluhang tanong ng isip niya na hindi naman niya magawang isatinig.

Sa halip na sagutin ang tanong nito, tiningnan lang niya ito sa paraang tila nanunukat. At kahit walang katagang nanulas sa kanyang lalamunan, sa expression niya ay parang sinabi na rin niyang, “*Ano’ng paki mo?*” Ang totoo, kahit sa sarili ay nahihiya siyang aminin ang tunay na dahilan kung bakit siya nalampasan ng dalawang jeep—na wala roon ang isip niya at naglilimayon.

Saglit lang na natigilan si Randell habang nakatingin sa kanya, pagkuwa’y ngumiti at nagkibit-balikat. Muli nitong ibinalik ang mga mata sa kalsada.

Si Irish naman ay ganoon din ang ginawa bagaman nakikiramdam. Ang akala niya, iisod ito palayo sa kanya at babalik sa dating puwesto ngunit nanatili ito sa kinatatayuan malapit sa kanya.

Hindi niya maiwasang lihim na pagtakhan ang ginawang paglapit nito sa kanya at ang pagtatangka na kausapin siya. Hindi siya makapaniwala. This was the first time he spoke to her again after eight years. Ni hindi nga sila nagpapansinan. Oo nga't naririnig niya parati ang boses nito, pero iyon ay kung nakakasalubong lamang niya ito at may kausap itong iba, o di kaya ay kapag nagkakaingay ang barkada nito sa paglalaro ng basketball sa bakuran ng mga Osorio.

Napuna niyang mas nag-improve na ang boses nito. Hindi man masasabing baritono ay naroon ang quality at ang taglay na awtoridad kahit hindi sadyain. No wonder, he now seemed to be a man of confidence. Kunsabagay, malayo na ang narating nito. Marami-rami na itong naging achievements. Mula nang magtapos ito ng Psychology, nagtrabaho ito sa isang malaking kompanyang gumagawa ng papel at ngayon ay isa nang labor relations specialist si Randell sa human resource department ng naturang corporation.

Alam niyang lahat iyon dahil kahit naputol na ang ugnayan nila noon, hindi niya pinalampas ang lahat ng pagkakataong makapulot ng mahahalagang impormasyon ukol sa kapitbahay mula sa mga reliable sources niya—mga pinagkakatiwalaang kaibigan na

nakakakilala rin dito.

Siguro, dala ng panghihinayang niya noon sa naputol nilang relasyon—*whatever it was*—kaya kahit paano ay ginusto pa rin niyang magkaroon ng link dito sa pamamagitan ng pag-alam ng mga bagay-bagay at pangyayari sa buhay nito. Ultimo nga love life nito ay sinisiyasat niya. After three girlfriends, ang balita niya ay wala itong commitment sa ngayon.

Walang kaide-ideya si Randell na marami siyang alam tungkol dito. At nuncang ipamalay niya iyon dito. Kaya nga pinangatawanan na niya ang kunwa’y pagiging snob niya rito. Ang alam ng lalaki ay galit pa rin siya rito. At hindi niya babaguhin ang impresyon nitong iyon. Ayaw niyang magkahinala man lang ito sa tunay niyang nararamdaman. That she was still achingly longing for him... *despite the time passed... despite everything.*

“Wonder why I’ll be taking a passenger jeep now instead of riding on my car?” tonong nakikipagkuwentuhang sabi ni Randell. Pumara ito ng isang jeep pero hindi iyon huminto dahil maraming laman. “Nasa talyer ‘yung kotse ko, ibinaba ang makina.”

Talagang nakakapagtaka kay Irish ang ikinikilos nito. Gusto niyang ipilig ang ulo at isiping nilalaro

lamang siya ng guniguni. Siya ba talaga ang kinakausap nito? Walong taong hindi siya nito kinikibo, ngayon ay huhuntahin siya na tila ba close friends sila? Ano ba ang drama nito?

Hindi siya tumugon sa sinabi nito at nagpanggap na oblivious sa presence nito. Ngunit nang maramdaman niya ang pagdaiti ng manggas ng long-sleeves nito sa manggas ng blazer niya ay nag-react ang buong katauhan niya. Hindi niya namalayang umusad pala ito nang paunti-unti upang lalong mapalapit sa kanya. Matalim ang tinging minasdan niya ang binata. Ngunit tila inosenteng ngumiti lang ito.

She liked the way he smiled, all right! Ngunit nag-uumpisa na siyang mabanas dito. Kahit may lihim siyang pagtingin sa lalaking ito, walang rason upang hindi niya ito kainisan ganitong tila binabastos siya!

Umalis siya sa kinatatayuan at lumipat sa kabilang side ng bakal na poste ng waiting shed.

Hindi naman nagtangkang sumunod sa kanya ang binata pero ngingiti-ngiti.

“Fan ka pala ng basketball game,” anito mayamaya.

Tigagal na napatitig siya rito. Now, she realized it! Bigla niyang naalala ang insidente ng pagkakahuli

nito sa kanya noong isang araw habang palihim niya itong pinanonood sa paglalaro ng basketball. Hindi kaya iyon ang dahilan kung bakit parang nakakatuwaan siya nito ngayon?

“Hindi ako mahilig sa basketball,” sa kauna-unahang pagkakataon ay saad niya, defensive ang anyo.

“Really?” kunwa’y gulat na tugon nito. “I’m sorry I just thought so. Kasi naman I caught you yesterday, peeping out while I was throwing the ball.”

Napahumindig siya. Ano ang karapatan ng lalaking ito na hiyain siya? Akala pa naman niya noon ay maginoo ito. Bastos pala, walang modo at antipatiko!

“Excuse me!” gigil na sabi niya. “Napadungaw lang ako kahapon sa bintana at di ko sinasadyang matanaw ka.”

Nakangiting nagkibit-balikat lamang ito na parang ipinaparating ang mga katagang ‘*Sinabi mo, eh.*’ “Anyway,” anito pagkuwan. “Still on basketball matter, may gusto nga pala akong i-discuss sa ‘yo. Actually, I’ve been meaning to talk to you about this.”

Nangunot nang husto ang noo ng dalaga. *Bakit ayaw akong tantanan ng hudyong ito?*

“Uhm... you see, balak kasing magpaliga ni Kapitan Onie ng basketball, sa clubhouse ng San Martin gagawin. At ako bilang former chairman ng *Kabataang Barangay*, ang naatasan niyang magorganize. Naisip ko lang na kunin ka bilang isa sa mga sponsors na magpo-provide ng pauniporme para sa mga batang players and—”

“Ano ba’ng pakialam ko d’yan?” mataray na salansang niya sa sinasabi nito. “Wala akong panahon sa mga paliga-ligang ganyan. Kung gusto mo, eh, di sagutin mo lahat ng gastos. Tutal mapera naman kayo.”

Tila ibig mailing ni Randell sa pagkakatatig sa kanya habang nasa anyo ang wari’y di nais itagong katuwaan.

Inis na inirapan niya ito at itinutok na muli ang tingin sa mga dumaraang sasakyan.

“Balat-sibuyas ka talaga kahit kelan,” patuloy na wari’y panunudyo nito.

Hinarap niya ito at pasarkastikong nginitian. “Really? P’wes, ikaw naman ay amoy-sibuyas ang hininga.” Pagkasabi niyon ay muli siyang umirap.

Sa sulok ng kanyang mga mata ay nakita niyang natigilan ito, parang naalarma. Pagkuwa’y pasimpleng



huminga sa isang palad.

Ibig niyang matawa pero pinigil niya. Of course, Randell's breath wasn't stinky. Kanina nga habang nakikipag-usap dito ay nalanghap pa niya at mabangong hininga nito. In fairness ay alam niyang masinop ito sa oral hygiene at ni hindi nga naninigarilyo. Sinabi lang niyang amoy-sibuyas ang hininga nito upang bigyan ito ng isang alalahaning somehow ay makakapagpa-conscious dito. Sa ganoon, kahit paano ay nakaganti na rin siya.

“Hindi naman, ah,” kumpiyansang sabi nito nang wari'y matiyak na walang mali sa amoy ng hininga nito.

Parang walang narinig na hindi siya tumugon. Pinara niya ang isang dumaang jeep. Nang huminto iyon ay kaagad siyang sumakay. Bago makalayo ang sasakyan, natukso siyang lingunin si Randell. Nakita niyang nakasunod ang tingin nito sa kanya. Nang magtama ang mga mata nila, ngumiti ito sa kanya at kumaway.

Isang pamatay na irap ang itinugon niya.

---

Hanggang trabaho ay dala-dala ni Irish sa isip ang namagitan sa kanila ni Randell kanina. Hindi niya

mapaniwalaang talagang nagkaengkuwentro sila.

Bunga niyon, kahit sa kalagitnaan pa mandin ng trabaho, hindi iilang beses na natitigilan siya at nahuhulog sa pag-iisip, bagay na hindi nakalampas sa obserbasyon ng kaibigan at kapwa teller niyang si Amy. Maya't maya tuloy ay pinupuna siya nito.

“Oy, baka malusutan ka ng mga peke d’yan, ha?” nakatawa pero may babala sa tonong paalala nito nang makitang ni hindi niya pinaraan sa counterfeit detector ang mga lilibuhing ibinayad sa kanya ng huling kliyenteng naghulog ng insurance premium.

“Wala ka bang bilib sa mga mata ko?” palusot niya bilang pagtatakip sa inefficiency na nagawa niya.

“Ay, naku, bahala ka,” kunwa’y pananakot nito. “Kung bakit kasi namamasyal parati ‘yang imahinasyon mo. Hindi ko naman iniisip na problema ang dahilan dahil pangiti-ngiti ka pa.”

“Pangiti-ngiti ako?” di-makapaniwalang ulit niya. Knowing Amy, lagi itong eksaherado kung magbida.

“Ano ba kasi ang iniisip mo?” nakangiting tanong nito. “Or should I say, *sino*? I’m sure, lalaki ‘yan. Kasi n’ong huli kong makita sa ‘yo ang ganyang klase ng mahalay na ngiti habang nagdi-daydreaming ka ay more than two years ago na, n’ong huling magka-

boyfriend ka.”

“OA mo,” natatawang sabi niya. Hindi naman siya offended dahil alam niyang nagbibiro lamang si Amy.

Katuwaan na nitong ipangantyaw sa kanya ang pagiging loveless niya sa nakalipas na ilang taon. Nagtataka ito di-umano na parang wala siyang masyadong interes sa mga lalaki gayong ang daming nagkakagusto sa kanya.

“Bakit ‘ika ko parang nagliliwaliw ‘yang isip mo kanina?’” curious na tanong nito.

Luminga muna si Irish sa paligid bago muling binalingan ang kausap. “Naaalala mo ba ‘yung kinuwento ko sa iyo dati tungkol sa matagal na naming kaaway na kapitbahay?” bulong niya upang walang ibang makarinig.

“Yung Osorio family?”

“Oo,” aniyang mas hininaan pa ang boses. “O, eh, ano’ng tungkol sa kanila?”

“Kasi kaninang umaga, nakasabay ko si Randell sa sakayan. Nagulat na lang ako nang bigla akong kausapin. Imagine, eight years na ni ha, ni ho ay wala, then all of a sudden ay bigla niyang akong lalapitan.

Weird, di ba?”

“Weird nga. Pero paano ka ba niya kinausap?” ani Amy na tila kinikilig, nasa anyo ang anticipation.

All ears ito habang isinalaysay niya ang naging engkuwentro nila ni Randell kaninang umaga at ang tila nabuhay na iringan sa pagitan nila. “Ano sa palagay mo?” hinging opinyon niya nang matapos magkuwento.

“Ewan,” kibit-balikat nito. “Baka naman naisip lang niyang it’s about time na makipagbati na siya sa ‘yo.”

Hindi siya masyadong kumbinsido sa sinabi nito. Mas gusto niyang paniwalaan ang sariling palagay. “Hindi kaya nahalata niyang crush ko pa rin siya?” hindi na nakadarama ng hiyang sabi niya. Confidant niya si Amy at vocal siya rito sa pagsisiwalat ng buhay niya.

“Bakit mahahalata? Hindi nga kayo nagpapansinan, di ba? Walang dahilan para ma-detect niya iyon.”

“Psychologist kaya ‘yon,” aniya. “Matunog ‘yon. Malay mo, baka nababasa niya ang iniisip ko.”

“Gaga,” natatawang sabi nito. “Ang psychologist, hindi marunong bumasa ng isip. Ina-assess ka lang

nila base sa obserbasyon nila sa mga kilos mo. O baka naman talagang give-away ang mga kilos mo kaya nahahalata ka n'ung Randell na 'yon na may gusto ka sa kanya?"

Iyon din ang opinyon niya. Marahil nga ay nababasa siya ni Randell dahil sa mga aksyon niya. Kaya parang nagkalakas-loob itong lapitan siya, kausapin at biru-biruin. Ngayon lamang niya napagtanto na parang sinadya nito ang pang-aasar sa kanya kanina upang makuha ang pansin niya. Ni-reverse psychology siya.

Pero para ano? Wala siyang maisip na magandang motibo nito para gustuhin nitong makipagmabutihan sa kanya. Kung may intensyon itong makipagkasundo, dapat ay noon pa. Ngayon ba ay nakasilip ito ng tsansa upang makuhang muli ang loob niya at paglaruan?

Napailing siya sa naisip.